# *Aral Mula sa Sermon ni Jesus sa Bundok Yugto 81*

***"33 Bukod sa rito'y inyong narinig na sinabi sa mga tao sa una, Huwag kang manunumpa ng di katotohanan, kundi tutupdin mo sa Panginoon ang iyong mga sumpa: 34 Datapuwa't sinasabi ko sa inyo, Huwag ninyong ipanumpa ang anoman; kahit ang langit, sapagka't siyang luklukan ng Dios; 35 Kahit ang lupa, sapagka't siyang tungtungan ng kaniyang mga paa; kahit ang Jerusalem, sapagka't siyang bayan ng dakilang Hari. 36 Kahit man ang ulo mo ay huwag mong ipanumpa, sapagka't hindi ka makagagawa ng isang buhok na maputi o maitim. 37 Datapuwa't ang magiging pananalita ninyo'y, Oo, oo; Hindi, hindi; sapagka't ang humigit pa rito ay buhat sa masama." (Mateo 5:33-37 KJV)***

***"33 Bukod sa rito'y inyong narinig na sinabi sa mga tao sa una, Huwag kang manunumpa ng di katotohanan, kundi tutupdin mo sa Panginoon ang iyong mga sumpa:" (Mateo 5:33 KJV)*** Ipinaalala dito ng Panginoong JesuCristo sa kanila at ipinaalala ang nakasulat sa aklat ng kautusan ng Dios na mababasa natin dito: ***"12 <u>At huwag kayong susumpa ng di totoo sa aking pangalan,</u> na anopa't lapastanganin ninyo ang pangalan ng inyong Dios; ako ang Panginoon." (Levitico 19:12 KJV) "Huwag kang manunumpa ng di katotohanan." (Mateo 5:33,*** ay kapareho ng ***"<u>At huwag kayong susumpa ng di totoo sa aking pangalan</u>",*** at gaya ng nalalaman natin na ang Kautusan ng Dios ay pagsuway sa banal na pangako, o walang katotohanang panunumpa. Bukod pa doon ay ano ang ibig sabihin ng ***"<u>At huwag kayong susumpa ng di totoo sa aking pangalan</u>",*** na hindi ka dapat gumawa ng isang pangako o isang panata na walang kabuluhan, at ibig sabihin niyon kapag gumawa ka ng isang panata o pangako ay kailangan mong tuparin ito. Sa gayong pagkuha ng pagnunumpa nang walang kabuluhan ay kapareho ng panunumpa ng walang katotohanan. Ang panunumpa ay ginamit upang pagtibayin ang katotohanan o tiyak na pangyayari na naganap. Amg ilan sa kanila ay nanunumpa ng walang katotohanan upang itago ang makasalanang gawa o isang krimen at iyon ay kasalanan. Gayundin ang kasalanan ay kapag ikaw ay gumawa ng isang pangako o panata, o sumumpa na gagawin mo ang isang bagay ngunit ginawa mo ito nang walang kabuluhan at hindi mo ito isinasagawa. Ang paggamit nito nang walang kabuluhan ay ang paggamit nito nang walang kahalagahan at iyon ay walang kahandaan na tuparin ang ipinangako mo at iyon ay hindi katapatan.

Kaya ang ginagawa nila bukod pa doon para iwasan na hindi mahuli sa ipinangako nila, nanunumpa sila sa pamamagitan ng mga nilikha, iniisip na matatakpan nila ang maling gawaing iyon, ngunit hindi nila namamalayan na sila'y nagkakasala. Kapag ikaw ay nanunumpa sa anumang bagay na nilikha, gaya ng pagsumpa sa iyong mga anak, sa iyong mga magulang, o sa sinumang taong pinanumpaan mo, ito mismo ay isang kasalanan, at kapag hindi mo tinupad ang ipinangako mo ay gumagawa ka ng isa pang kasalanan. * Kapag ikaw ay sumumpa sa ibang mga bagay ikaw pa rin ay nasa ilalim ng pananagutan upang isagawa ito. * Sa panunumpa sa ibang mga bagay ginagamit mo ang pangalan ng Dios na walang kabuluhan, na parang nilalabag mo ang Kautusan ng Dios na sinasabi, ***"7 Huwag mong babanggitin ang pangalan ng Panginoon mong Dios sa walang kabuluhan; sapagka't hindi aariin ng Panginoong walang sala ang bumanggit ng kaniyang pangalan sa walang kabuluhan." (Exodu 20:7 KJV)***

Ang mga panata at panunummpa dapat lamang isagawa sa Dios gaya ng mababasa natin dito, ***"2 Pagka ang isang lalake ay nagpanata ng isang panata sa Panginoon, o sumumpa ng isang sumpa, na itinali ang kaniyang kaluluwa sa isang gampanin, ay huwag niyang sisirain ang kaniyang salita, kaniyang gaganapin ayon sa lahat ng binuka ng kaniyang bibig." (Bilang 30:2 KJV)*** Ang mga panata ay hindi dapat gawin sa iba, ngunit ang mga panata ay kailangang gawin sa Kanyang pangalan.

Ang ipinangako natin sa Dios ay kailangan nating tuparin kung hindi ay walang kasiyahan ang Dios sa isang mangmang.

***"34 Datapuwa't sinasabi ko sa inyo, Huwag ninyong ipanumpa ang anoman; kahit ang langit, sapagka't siyang luklukan ng Dios;" (Mateo 5:34 KJV)***

***"Datapuwa't sinasabi ko sa inyo, Huwag ninyong ipanumpa ang anoman;"***Ano ang ibig sabihin ni Jesus dito, hindi dahil hindi ka gagawa ng isang pangako o pagtalaga sa Dios. Kundi huwag sumupa sa nilikhang mga bagay gaya ng ginagawa ng mga Judio sa pagtatago sa pagtupad ng kanilang ipinanata. Gayundin ni gawin ang isang panata ng walang halaga at madalian nang walang masyadong pag iisip, at huwag mamumpa sa isang walang kabuluhang bagay.

***"kahit ang langit, sapagka't siyang luklukan ng Dios"*** Bakit sila nanunumpa sa pamamagitan ng Langit at lupa? Dahil sinasabi ng mga Judio na ang mga nanumpa sa pamamagitan ng Langit at lupa ay malaya at hindi nila kailangang tuparin ang kanilang mga panata dahil ang mga ito ay nilikhang mga bagay. Ang dahilan kung bakit ipinagbawal sa kanila ni Cristo na sumumpa sa pamamagitan ng Langit? Dahil ito'y luklukan ng Dios, ***"sapagka't siyang luklukan ng Dios." (Mateo 5:34 KJV)*** At iyon ay dobleng kasalanan; una ito ay kasalanan na hindi nila tinupad ang kanilang mga panata, pangalawa dahil sila'y nanunumpa sa nilikhang mga bagay, at

pangatlo nang sila'y nanunumpa sa Langit sila nanumpa sa Dios gaya ng mababasa natin dito, ***"22 Ang nanunumpa sa pamamagitan ng langit, ay ipinanumpa ang luklukan ng Dios, at yaong nakaluklok doon." (Mateo 23:22 KJV)***

***"35 Kahit ang lupa, sapagka't siyang tungtungan ng kaniyang mga paa; kahit ang Jerusalem, sapagka't siyang bayan ng dakilang Hari." (Mateo 5:35 KJV)*** Dito sa parehong dahilan ipinagbawal sa kanila ni Cristo na manumpa sa pamamagitan ng lupa dahil ang lupa ay nilikhang bagay at ito'y tuntungan ng Dios, ang dako na inilalagay ng Dios ang kanyang paa. O sumumpa sa pamamagitan ng bayan ng Jerusalem dahil ito rin ay nilikhang bagay at ito ay bayan ni Jesus, ang Hari ng mga hari at ang Panginoon ng mga panginoon.

***"36 Kahit man ang ulo mo ay huwag mong ipanumpa, sapagka't hindi ka makagagawa ng isang buhok na maputi o maitim." (Mateo 5:36 KJV)*** Isa pang bagay na ipinanunumpa ng mga Judio, sila'y nanunumpa sa kanilang sariling ulo, at iyon mas makasalanan, na parang sila'y may kapangyarihan sa Lumikha, nakalimutan na sila'y nilikhang mga bagay at wala silang kapangyarihan hindi lamang sa kanilang ulo, bagkus walang kapangyarihan na paitimin o paputiin ang isang buhok ng kanilang ulo. Ang pagputi ng kulay ng buhok mula itim ay ang kapangyarihang baligtarin ang proseso ng pagtanda at ito ang kapangyarihan ng Dios at pag aari Niya at hindi sa tao.

***"37 Datapuwa't ang magiging pananalita ninyo'y, Oo, oo; Hindi, hindi; sapagka't ang humigit pa rito ay buhat sa masama." (Mateo 5:37 KJV)*** Dito tinatawag sila ni Cristo na magpakumbaba at kupkupin ang kababaang loob sa kanilang buhay at malaman ang kanilang laki at dapat silang kumilos sa paraang kanilang sinasabi; upang maging makatotohanan ang kanilang sinasabi at sinasalita.

***"Datapuwa't ang magiging pananalita ninyo'y, Oo, oo; Hindi, hindi;"*** Kapag sumang ayon ka at handang gawin at gumawa ka ng pakikipagkasundo sa pagsasabi na "oo:, at kung hindi ka sumang ayon sabihing 'hindi', ibig sabihin hindi ka nangangako, at hindi ka sumasang ayon. Kung nais mong magsalita sa isang mas matatag na pagpapatibay ng isang bagay, kapag ito'y kinakailangan, doblehin ang mga salitang ito, 'oo, oo', 'Hindi, hindi', ngunit hayaan walang panunumpa na idadagdag sa mga ito.

Ang oo matuwid ng taong iyon, ay oo, at ang kanyang hindi, ay hindi; sapat na ang kanyang salita. Ayaw ng Panginoong Jesus na gamitin natin ang wika ng panunumpa upang mapahanga ang iba na tutuparin natin ang ating mga pangako. Alam nating gagawin ng mga tao ang mga pangako para lang siraan ang mga ito. Gumagawa sila ng mga pangako upang linlangin ang iba at upang mapahanga ang iba na kanilang tutuparin ang kanilang ipinangako upang tanggapin lamang ang kanilang minimithi, at pagkatapos nilang tanggapin sisirain nila ang kanilang pangako sa Dios. Halos lahat ng umalis sa simbahan sila'y may napakagagandang pangako ngunit pagkatapos nilang tinanggap ang kanilang kailangan sinira nila ang kanilang mga pangako at umalis sa simbahan.

Ayaw din ni Jesus na manumpa dahil ayaw Niyang magmadali tayo sa panunumpa nang walang pang unawa at walang pangunguna ng Dios sa ating buhay. Ang mga tao sa sanglibutan sila'y nagsasalita ng mabilis at para sa kanila ang panunumpa at mga pangako at pagsira sa kanilang mga pangako ay madaling gawin para sa kanila ngunit hindi dapat mangyari sa atin bilang mga alagad at tagasunod ni Cristo.

Kapag nagsalita tayo ng oo o hindi ay katumbas ng isang panata. ***"sapagka't ang humigit pa rito ay buhat sa masama."*** ibig sabihin, kung ano man ang lumampas sa ganitong paraan ng pagsasalita at pag uusap, ay alinman sa diyablo, sino ang masama na darating upang patayin ang magnanakaw at maninira, o ito'y nagmumula sa masamang puso ng mga tao, mula sa kapalaluan, pagmamalaki, pagpapakita, malisya, inggit, kasakiman, maling motibo, pang aabuso sa biyaya ng Dios, pagpapaimbabaw, pandaraya, at kawalang utang na loob na nasa kanila.

Ngayon ay salitain pa natin ang tungkol sa pangako at hindi pagsunod sa Salita ni Cristo at pagtupad sa ipinangako natin sa Kanya, Sinabi ni Jesus, ***"46 At bakit tinatawag ninyo ako, Panginoon, Panginoon, at di ninyo ginagawa ang mga bagay na aking sinasabi?" (Lucas 6:46 KJV)*** Kapag tumawag ka kay Jesus na Panginoon, Panginoon ang ibig sabihin nito ay Siya ang Panginoon ng iyong buhay. Kapag tumawag ka sa Panginoon para tanggapin ang kaligtasan, kailangan mong gawin ang sinasabi Niya sa iyo. Kapag tumawag ka sa Panginoon sa gayon iyon ang iyong panata at iyon ang iyong pangako sa Kanya upang sundin Siya at sa gayon Siya ang magiging Panginoon mo sa iyong buhay. Marami ang hindi sumusunod sa Salita ni Jesus at hindi nila ginagawa ng ang Kanyang kalooban, kundi ginawa nila ang kanilang sariling kalooban. Marami na ginagamit lamang nila si Jesus upang tugunan ang kanilang pangangailangan at lutasin ang kanilang mga suliranin ngunit hindi sila nakikinig sa Kanya kapag tinawag Niya sila. Kung gayon ano ang magiging bunga ng gayong pag uugali at walang katapatan sa kanilang mga pangako sa Dios?

***1. <u>Pagkawala ng kanilang kaligtasan</u>:*** Malinaw na sinabi ni Jesus ang tungkol sa mga gumagawa ng kanilang sariling kalooban na hindi sila makakapasok sa Kaharian ng Langit, ***"21 Hindi ang bawa't nagsasabi sa akin,***

***Panginoon, Panginoon, ay papasok sa kaharian ng langit; kundi ang gumaganap ng kalooban ng aking Ama na nasa langit." (Mateo 7:21 KJV)*** Ang Panginoon ay hindi interesado sa kung ano at ang dami ng iyong ginawa, ngunit Siya ay interesado sa iyo na gawin ang Kanyang kalooban at tuparin ang plano na mayroon Siya para sa iyo at at makisama sa plano Niya para sa iyong pamilya at para sa Kanyang simbahan at para sa Kanyang bayan. Kapag tinawag tayong mga Cristiano kung gayon kailangang ingatan natin ang ating mga panata at ating mga pangako sa Dios sa pagkakaroon kay Jesus hindi lamang ang tagapagligtas kundi pati na rin ang Panginoon sa ating buhay.

Ating basahin ang sinabi ni Jesus, ***"22 Marami ang mangagsasabi sa akin sa araw na yaon, Panginoon, Panginoon, hindi baga nagsipanghula kami sa iyong pangalan, at sa pangalan mo'y nangagpalayas kami ng mga demonio, at sa pangalan mo'y nagsigawa kami ng maraming gawang makapangyarihan? 23 At kung magkagayo'y ipahahayag ko sa kanila, Kailan ma'y hindi ko kayo nangakilala: magsilayo kayo sa akin, kayong manggagawa ng katampalasanan." (Mateo 7:22-23 KJV)*** Anumang ministeryo at gawain na ginawa mo sa kapangyarihan at sa mga kaloob ng Banal na Espiritu ng Dios, kagaya ng panghuhula, pagpapalayas ng mga demonyo sa pangalan ni Jesus, datapuwa't hindi mo tinutupad ang kalooban ng Dios kung gayon ikaw ay itatakwil ng Panginoon. Ang mga nagpapabaya sa pagtupad ng kanilang panata sa Dios at sa mga nagsasantabi at hindi ginagawa ang buong kalooban ng Dios, sasabihin sa kanila ni Jesus ang sumusunod: ***"23 At kung magkagayo'y ipahahayag ko sa kanila, Kailan ma'y hindi ko kayo nangakilala: magsilayo kayo sa akin, kayong manggagawa ng katampalasanan." (Mateo 7:23 KJV)*** Sila'y gumagawa ng masama, ginagamit lamang nila ang Panginoon upang makakuha ng mga pakinabang at magsamantala ngunit walang pangako at kahandaan na magdusa para sa Kanya.

***2. <u>Pagkawala ng kanilang pinaghirapan at nakamit</u>:*** Ating basahin ang ***Mangangaral 5, "1 Ingatan mo ang iyong paa pagka ikaw ay napasasa bahay ng Dios; sapagka't ang paglapit upang makinig ay maigi kay sa magbigay ng hain ng mga mangmang: sapagka't hindi nila nalalaman na sila'y nagsisigawa ng kasamaan. 2 Huwag kang pakabigla ng iyong bibig, at huwag magmadali ang iyong puso na magsalita ng anomang bagay sa harap ng Dios; sapagka't ang Dios ay nasa langit, at ikaw ay nasa lupa: kaya't pakauntiin mo ang iyong mga salita. 3 Sapagka't ang panaginip ay dumarating sa karamihan ng gawain; at ang tinig ng mangmang sa karamihan ng mga salita. 4 Pagka ikaw ay nananata ng panata sa Dios, huwag kang magliban ng pagtupad; sapagka't siya'y walang kaligayahan sa mga mangmang: tuparin mo ang iyong ipinanata. 5 Maigi nga ang ikaw ay huwag manata, kay sa ikaw ay manata at hindi tumupad. 6 Huwag bayaan ang iyong bibig, na papagkasalanin ang iyong laman; at huwag ka mang magsabi sa harap ng anghel, na isang kamalian: bakit nga magagalit ang Dios sa iyong tinig, at sisirain ang gawa ng iyong mga kamay? 7 Sapagka't sa karamihan ng mga panaginip ay may kawalangkabuluhan, at sa maraming mga salita: nguni't matakot ka sa Dios." (Mangangaral 5:1-7 KJV)*** Ang paksa ng talatang ito ay yaong mga pupunta sa bahay ng Dios, kapag sila'y namata o manumpa, kailangan nilang tuparin ang kanilang ipinangako, Kung hindi ang Dios ay hindi nagagalak sa mangmang. Ang gayong walang ingat na pag uugali at makasariling asal patungo sa Dios, ginagamit ang Dios, ngunit hindi handang maging tapat sa pangako na ginawa mo patungo sa Kanya ay mayroong malaking masamang bunga; sa gayon lilipulin ng Dios ang gawa ng iyong mga kamay. Dito hinahamon ng Dios ang Kanyang bayan na gumawa ng kanilang mga panata sa Kanya, Gagamitin niya ang ministro ng templo, na nasa Kasulatan na ito ang anghel ng Dios tulad ng talata 6, upang ipaalala sa kanila ang kanilang mga panata at pangako na ginawa nila sa Dios at ngayon ay nagluwat sila sa pagtupad sa mga ito.

Maging sa ngayon, ako bilang punong tagapangasiwa ng Simbahan ng Dios, UAE, Pinipilit ako ng Banal na Espiritu ng Dios na ipaalala sa inyo ang mga pangakong ginawa ninyo sa Dios na maglilingkod sa Kanya, na sumunod sa Kanya, na gawin ang Kanyang kalooban, ngunit ngayon tinatalikuran mo ang iyong mga pangako at panata, matapos mong matanggap mula sa Dios ang hiniling mo sa Kanya. Ito, kung ano ang iyong ginagawa kung hindi ka magsisi; ay lilipulin ang gawa ng iyong mga kamay at mawawala ang iyong kaligtasan. Ating basahin ang sinabi ni Jesus patungkol sa mga matalino na nagtayo ng kanilang bahay sa batuhan na narinig ang Salita ni Jesus at isinagawa ang Kanyang Salita at ang mga mangmang na nagtayo sa buhanginan na narinig ang Salita ni Jesus ngunit tumangging tuparin ang mga ito: ***"47 Ang bawa't lumalapit sa akin, at pinakikinggan ang aking mga salita, at ginagawa, ituturo ko sa inyo kung sino ang katulad: 48 Siya'y tulad sa isang taong nagtatayo ng bahay, na humukay at pinakalalim, at inilagay ang patibayan sa bato: at nang dumating ang isang baha, ay hinampas ng agos ang bahay na yaon, at hindi nakilos; sapagka't natitirik na mabuti. 49 Datapuwa't ang dumirinig, at hindi ginagawa, ay tulad sa isang tao na nagtayo ng bahay sa lupa, na walang patibayan; laban sa yaon ay hinampas ng agos, at pagdaka'y nagiba; at malaki ang naging kasiraan ng bahay na yaon." (Lucas 6:47-49 KJV)***

Ang matalinong nagtatag ay ang mga nag iingat ng kanilang mga panata at pangako sa Dios, Iniingatan nila ang oo sa Dios at iniingatan nila ang kanilang hindi sa diyablo. Mahalaga nilang tinatanggap ang sinabi nila sa Dios. Ngunit ang mga mangmang ay yaong mga lumalabag ng kanilang oo sa Dios at lumalabag ng kanilang hindi sa diyablo at umalis upang gumawa ng mga hangal na bagay na laban sa Dios at laban sa Kanyang kalooban.

Ating siyasatin ang ating sarili sa Dios at ipaalala sa atin ngayon ang ipinangako natin na hindi natin natupad:

***1. Paglilingkod sa Dios:*** Ilan sa inyo na nangakong maglilingkod sa Kanya, na gagawin ang Kanyang kalooban at ingatan at lumakad ng may kababaang loob sa Kanya kung ililigtas ka Niya, maglalaan para sa iyo, magpapalaya sa iyo mula sa mga kaguluhan, pagagalingin ka mula sa karamdaman, ngunit matapos Niyang gawin ang hiniling mo sa Kanya pinabayaan mo ang Dios at ibinigay ang iyong likod at iyong binging tenga? Walang mas masahol pa kaysa sa tawaging hindi tapat ng Dios at ito ang magiging tugon ng Dios patungo sa gayon: ***"13 At nangyari, na kung paanong siya'y sumigaw, at hindi nila dininig, ay gayon sila sisigaw, at hindi ko didinggin, sabi ng PANGINOON ng mga hukbo;" (Zacarias 7:13 KJV)*** Kapag ginawa ng Dios ang Kanyang bahagi ng maayos patungo sa iyo at iniligtas ka, pagkatapos ikaw ay gayong hindi tapat, kung gayon maghintay na kapag ikaw ay nasa kaguluhan at tumawag ka sa Dios hindi ka Niya pakikinggan gaya ng hindi mo pakikinig sa Kanya para lumapit at tuparin ang ipinangako mo sa Kanya. Mula sa aking karanasan sa aking ministerio, marami sila'y patuloy na nanalangin para sa ilang mga suliranin na malutas, para sa tiyak na pagpapala na dumating, ngunit matapos nilang tanggapin at maibsan nakalimutan nila ang Dios at nang ako'y pumaroon at ipaalala sa kanila sila'y hindi tumugon para sa aking pagpapaalala. Hindi sila sumagot sa aking mga tawag, o ako'y kanilang nilapastangan, at inuusig pa ako kapag ako ay nagpapaalala sa kanila na tuparin ang ipinangako nila sa Dios. Marami pagkatapos nilang makakuha ng trabaho ay ayaw nilang ibigay ang kanilang mga ikapu at ang kanilang mga unang bunga sa Panginoon. Iiwasan nila ang pagpunta sa simbahan para lang hindi magbayad ng nararapat sa kanila sa Panginoon. Ang trabaho at mga kita ay mula sa Dios at kapag ikaw ay hindi tapat sa Dios kung gayon ay sinisira mo ang gawa ng iyong mga kamay.

***2. <u>Pagpapanatili ng tipan ng pag aasawa</u>:*** Nakita ko ang mga tao na nanalangin na bigyan sila ng Dios ng isang mananampalatayang kabiyak upang maglingkod sa Dios kasama nila, ngunit matapos silang bigyan ng Dios at sagutin ang kanilang mga panalangin, nakipaglaban sila at inusig ang kanilang mga kabiyak na naglilingkod sa Dios. Marami ang nagdasal na bigyan sila ng Dios ng pamilya ngunit pagkatapos ng kasal ay nakita mo silang napaka walang ingat tungkol doon upang tuparin ang tipan ng pag aasawa sa kanilang kabiyak. Marami na akong nakitang pinagpala ng Dios ng mabuting kabiyak ngunit hindi sila tapat na gampanan ang kanilang pananagutan sa pagsasama sa kanilang kabiyak. Ang tipan ng pag aasawa ay isang tipan sa Dios at hindi isang kasunduan sa tao, samakatuwid ay maging kamalayan at sundin ang babala ng Dios.

***3. <u>Pagpapanatili ng pagtatalaga ng mga bata sa Dios</u>:*** Isa sa karaniwang seremonya na ginagawa sa simbahan ay paghahandog ng bata. Nais ibigay ng magulang ang kanilang mga anak sa Panginoon ngunt hindi nila handang ibigay ang kanilang sarili sa Dios. O ihahandog nila ang kanilang mga anak sa Panginoon upang pagpalain ang kanilang mga anak, ngunit pagdating sa pagtupad ng plano ng Dios para sa kanilang mga anak, sila'y tumangging sundin ang plano ng Dios para sa kanilang mga anak, ngunit sinusunod nila ng kanilang sariling makamundong plano patungo sa pang-akademiko na mga pagkakamit kahit na ito'y labag sa plano ng Dios. Sa ganoon ay nawawalan sila ng anak at ang magandang kinabukasan na mayroon ang Dios para sa kanila. Ang mga anak ay gantimpala mula sa Panginoon, kaya kung ikaw ay hindi tapat sa Dios at itinuwid mo ang iyong mga anak sa makamundong plano kung gayon hindi mo pinapalaki sila sa Salita ni Jesus at sa gayon ikaw ay mangmang at nililipol mo sila at sinisira mo ang gawa ng iyong kamay.

***Sa aking mahal at minamahal:*** Tayo ngayon ay lumapit sa Panginoon, Siyasatin ang iyong sarili sa presensya ng Dios at tingnan kung gaano ka hindi tapat at sa kung saang dako ng iyong buhay ka nabigo sa pagtupad ng iyong pangako sa Dios. Ang walang katapatan ay nagdudulot ng kaguluhan sa gawa ng iyong kamay, nagdudulot ng iyong pagkawala, nagdudulot ng iyong kapaguran, ng kabigun, pag urong, at maging ang iyong kaligtasan kung hindi ka magsisisi. Talikuran ang lahat ng iyong kawalang kabuluhang mga panata at pandaraya na ginawa mo sa mga panatang natanggap mo ang mga pribelihiyo.

Panumbalikin ang iyong pangako sa Dios. Hilingin sa Dios ang kapatawaran ng maling mong ginawa sa Panginoon at bumalik at ituwid ang lahat ng iyong pagkakamali at simulang tuparin ang lahat ng iyong pangako sa Dios at kusang loob na sundin Siya at simulang gawin ang Kanyang mga gawain at ang Kanyang kalooban.

***Ang akin panalangin:*** *Amang Dios Ako ay lumalapit sa iyo sa pangalan ni Jesus na namatay sa krus para sa aking mga kasalanan, na inilibing at nabuhay na maguli noong ikatlong araw upang bigyan ako ng walang hanggang buhay. Salamat sa iyo Panginoon para sa iyong Salita at ipinakita sa akin kung saan ko nasira ang aking mga panata at pangako sa iyo na itinuturing na kasalanan.*

*Ipahayag at talikdan ang kasalanan ng pagsisinungaling, walang katapatan, pagsira ng iyong panata at mga pangako, paggawa ng iyong sariling kalooban, hindi paglilingkod sa Dios at hindi pagtugon sa Kanya nang tinawag ka Niya. Ipahayag ang iyong mga kasalanan sa hindi pagtupad sa iyon kasal na mga panata at ng iyong pag aasawa na pananagutan patungo sa iyong kabiyak sa buhay. Ipahayag ang iyong mga kasalanan ng hindi pagtupad ng iyong mga panata bilang pagtatalaga ng iyong mga anak upang palakihin sila ayon sa plano ng Dios para sa kanila at ayon sa kanilang kalooban. Panginoon ipinahayag at tinalikuran ko ang mga sumusunod na mga kasalanan* _________________.

*Panginoon ipinangako kong muli na baguhin ang aking mga landas at maging handa na tuparin ang aking ipinangako na paglingkuran ka at gawin ang aking pananagutan sa pag aasawa at aking pananagutan na palakihin ang aking mga anak ayon sa plano na mayroon ka sa kanila.*

*Panginoon salamat para sa aking mga kapatid na lalaki at babae na nagsisi at napagtanto ang lahat ng kanilang mga kasalanan at kung saan ka nila nabigo. Panginoon patawarin sila at panumbalikin sila pabalik upang paglingkuran ka at tulungan silang baguhin ang kanilang mga landas at pangunahan mo sila sa landas na dapat nilang putunguhan bilang sila'y nagsisi sa kanilang mga kasalanan at nais sumunod sa iyo. Panginoon protektahan sila at ibigay ang lahat ng kanilang pangangailangan upang sila'y patuloy na maglingkod sa iyo. Panginoon gawin ang kanilang buhay at ang buhay ng kanilang pamilya at mga anak na mabuting patotoo sa iba upang makilala ka at sundin ka.*

*Panginoon pagpalain kami bilang isang simbahan upang patuloy na ituro ang iyong Salita at ipahayag ang kalooban sa buhay ng iyong simbahan at sa iyong bayan. Panginoon puspusin kaming muli ng Banal na Espiritu at ibigay sa amin ang espirituwal na mga kaloob na kailangan naming yumaon at abutin ang bagong mga tao sa evangelio ni Jesus. Panginoon paging dapatin kaming gumawa ng bagong mga alagad at sanayin ang maraming manggagawa upang maglingkod sa iyo. Panginoon pangunhan kami at gamitin kami na magtanim ng bagong ng pag aaral ng Bibliya at kapisanan para sa simbahan. Panginoon tuparin ang pananaw ng simbahan, Pagpaparami sa kapayapaan sa pagpapatupad ng buong kalooban ng Dios. Panginoon pagpalain kami, palawakin ang aming lupain, sumaamin nawa ng iyong kamay at iligtas kami sa kapahamakan upang hindi namin madama ang sakit. Ang biyaya ng Panginoong Jesus Cristo, at ang pagibig ng Dios at ang pakikipagpisan ng Banal na Espiritu ay sumaating lahat sa pangalan ni Jesus, Amen.*

Mga aral mula sa sermon ni Jesus sa bundok Yugto 81. Tuparin mo ang iyong mga pangako. Mateo 5:33-37. Levitico 19:12. Exodo 20:7. Mga Bilang 30:2. Mateo 23:22. Lucas 6:46. Mateo 7:21-23. Mangangaral 5:1-7. Lucas 6:47-49. Zacarias 7:13.

Dr.Ramiz Khalaf
Ang Tagapamahala ng Simbahan
Simbahan ng Diyos
United Arab Emirates
Email: thebread1@gmail.com
Mobile Tel.#: 00971551902647

Tandaan: Ang Tinapay ng buhay ay lingguhang paghahayag mula sa Simbahan ng Diyos, United Arab Emirates. Sa karagadagang usapin at higit sa espiritual na pagpapalago maari mo kami bisitahin sa aming website sa: www.churchofgoduae.com

Ibahagi mo ito sa iyong mga kaibigan.

Nakikiusap ako na ibahagi mo sa amin ang iyong saloobin tungkol sa mensahe at

kung mayroon kang katanungan.

Kung mayroon kang kahilingan na panalagin, maari mong ipadala sa numero ng whatsapp: 00971551902647, o sa email na ito: thebread1@gmail.com.

Pakipadala ng iyong ikasapung bahagi, iyong unang bunga at iba ibang handog sa simbahan sa account na ito:

Pangalan ng Banko:
First Abu Dhabi Bank (FAB)
ACCOUNT NAME:
RAMIZ BAHNAM ABBO KHALAF
ACCOUNT NO:
1576003753162014
IBAN:
AE380315157600375316 2014
SWIFT CODE:
NBADAEAACPU

O tawagan ako sa whatsapp numerong ito: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Kung kailangan mo ng payo sa bahagi ng iyong buhay, kung ito'y tungkol sa pamilya, mga anak at pinansyal, malaya kayo makipagugnayan sa akin sa whatsapp na numerous: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com